

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

Yunit III

Modyul Blg. 16

Isang Buhay, Isang Kaluluwa

I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Alalahanin ang panahon na ikaw ay nakatanggap ng isang handog na gustung-gusto mo? Ano ito ? Ano ang ginawa mo sa handog ? Ito ba ang ninanais ng nagbigay sa iyo na gawin mo sa kanyang handog ? Maituturing mo bang ang iyong buhay ay handog ng Diyos sa iyo ? Matutuwa ba ang Diyos sa ginawa mo sa handog niya sa iyo ?Handa ka bang humarap sa kanya at sagutin ang kanyang mga tanong?

Pagkatapos mong pag-aralan ang mga aralin at gawain, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

L.C 4.2 .Naisasaalang-alang ang kasagraduhan ng buhay laban sa mga isyung katulad ng aborsiyon at iba pa.

- A. Naipaliliwanag ang kahalagahan at kasagraduhan sa pagpapatuloy ng buhay.
- B. Napahahalagahan ang mga taong may kaugnayan sa pagpapatuloy ng buhay.
- C. Nakasusulat ng liham pasasalamat at kahilingan sa mga taong may kaugnayan sa pagpapatuloy ng buhay.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.

5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahhirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

Ayusin ang ginulong mga titik upang mabuo ang salita sa loob ng kahon. Ang lahat ng salita ay may kaugnayan sa sagot sa gitnang kahon.

The diagram consists of a central box and ten surrounding boxes, each containing a set of letters to be rearranged into words. Arrows point from the surrounding boxes towards the central box, indicating that the words formed are related to the letters in the center.

Central Box: Y H B A U

Box 1 (Top Left): A T O B O R N I
1. _____
1 salita

Box 2 (Middle Left): E I N A A S H A U T
2. _____
1 salita

Box 3 (Top Right): U D E I S C I
3. _____
1 salita

Box 4 (Middle Right): D A E Y A T A H E T P N L
4. _____
2 salita

Box 5 (Center): 5. _____
1 salita

Box 6 (Bottom Left): A M B U H A Y
6. _____
1 salita

Box 7 (Bottom Middle-Left): A H L I
7. _____
1 salita

Box 8 (Bottom Middle-Right): L A N P G A N A
8. _____
1 salita

Box 9 (Bottom Right): A G N U M A L
9. _____
1 salita

Box 10 (Bottom Center): S G N A O G L
10. _____
1 salita

III. Tuklasin mo

Gawain Blg. 1

Basahin ang proseso ng pagkalikha at paglaki ng sanggol sa sinapupunan ng isang ina

1. Ang egg cell at sperm cell ay nagtagpo sa sinapupunan ng ina.
2. Ang pagtibok ng puso ay nagsisimula sa pagitan ng ika-18 at ika-25 araw.
3. Sa pagsapit ng ika-42 araw, ang mga buto ay kumpleto at buo na, at ang paggalaw ay naroon na.
4. Ang utak at ang lahat ng sistema sa katawan ay buo na pagsapit ng ika-walong linggo.
5. Sa ika-siyam o ika-sampung linggo, kaya niyang magpagalaw ng kanyang dila at kapag ginalaw mo ang kanyang palad, ito ay kanyang ikukuyom.
6. Sa ika-11 hanggang ika-12 Linggo, sisip-sipin niya ng buong sigla ang kanyang hinlalaki at ihihinga na niya ang kanyang panubigan upang mapapaunlad ang kanyang baga.
7. Gumagana na ang lahat ng sistema sa katawan pagtuntong sa ika-12 Linggo o 3 buwan.

Gawin mo ang sumusunod:

- Ngayon ay pagnilayan ang isang batang ipinalalaglag ng kanyang ina.
- Isaisip ang bata na pinapatay sa loob ng sinapupunan ng ina
- Isipin mo rin kung paano ang bata ay nakikipagtunggali sa instrumentong pumapatay sa kanya at tanging tahimik na taghoy lamang ang maaari niyang maisagawa.
- Ipikit ang iyong mga mata at magnilay ka ng ilang minuto.

Sagutin Mo

1. Ano ang iyong nadama habang isinasaisip ang maaaring kahinatnan ng batang ipinalalaglag ng isang ina?
2. Makatarungan bang ipalaglag ng isang ina sa kanyang sinapupunan ang isang bata kung siya ay may mabigat na suliranin? Bakit?
3. Ano ang nilalabag ng isang ina kung ipinalalaglag niya ang bata sa kanyang sinapupunan?

Gawain Blg. 2

Basahin ang situwasyon. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong ukol dito.

Ang ama ni Ana ay may malubhang sakit at may taning na ang buhay. Nakikita ni Ana at ng kanyang ina ang labis na pamimilipit at pag-ungol sa sakit nito. Labis na pagkaawa ang nararamdaman nila rito. Habang tumatagal ay lumalaki rin ang kanilang bayarin at gastusin kaya't nabaon sila sa utang at naibenta na rin ang iba nilang ari-arian.

Isang araw, nakiusap ang kanyang ina na tanggalin ang makinang tumutulong sa paghinga ng kanyang ama at tigilan na ang pagbibigay ng pagkain sa tubong nakakabit dito. Ito rin ang pakiusap ng kanilang ama nang siya ay nakakausap pa nila. Naalala ni Ana ang aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga ukol sa Euthanasia.

Ano ang gagawin ni Ana?

Panuto:

1. Gumawa ng pakikipanayam o interview sa dalawang tao.
2. Ipabasa ang situwasyon at kunin ang kanilang opinyong gagawin.
3. Ipasagot sa magkahiwalay na papel.
4. Pagkatapos ay gumawa ka rin ng sarili mong desisyon.
5. Isulat sa talahanayan ang buod ng kasagutan.

Pangalan	Pangalan:	Pangalan: (ako)
Gagawin:	Gagawin:	Gagawin:







Dahilan:	Dahilan:	Dahilan:

Sagutin Mo



4. Ano ang suliranin ni Ana?
5. Anong isyung moral ang ipinakita sa sitwasyon?
6. Sa mga sagot ng mga taong iyong kinapanayam, alin ang makatuwiran? Patunayan.

Gawain 3 TELEGRAMA NG BUHAY

Basahin ang mga talata sa Bibliya sa loob ng bawat papel. Sumulat ng maikling telegram patungkol sa sagot sa tanong sa nilalaman ng talata sa Bibliya. Isulat ang sagot sa loob ng papel.



IV. Ano ang Iyong Natuklasan:

	<p>Ipalalaglag ko ba ang sanggol?</p>	<p>TAMA</p>	1.
	<p>Tatapusin ko na ba ang buhay niya para di na mahirapan?</p>		MALI
			3.
			4.

Isulat ang kabuuang konsepto sa ibaba ayon sa natutuhan mo sa aralin at sa ilustrasyon sa itaas.

KABUUANG
KONSEPTO: _____

V. Pagpapatibay

Ang mga aralin o paksa sa modyul Na ito ay patungkol sa kasagraduhan ng buhay at sa pagpapatuloy nito. Ang mga sumusunod ay malaking paglabag sa ika-limang utos ng Diyos na “Huwag kang papatay.”


1. Abortion - pagpapaagas o pagpapalaglag sa isang buhay na nasa sinapupunan pa lamang ng ina o kaya’y ang hindi pa nanapanahon na paglabas nito. Ang pagpigil at pakikialam sa ganitong uri ng proseso ay hindi makatarungang paghihimasok sa karapatan ng isang bata na mabuhay.
2. Euthanasia - tinatawag ding “mercy killing” o “painless death.” Kadalasan hinihingi ito ng isang taong may matinding karamdaman upang mapadali ang paghihirap. Ang pagpapadali ng pagputol ng buhay ay isang uri din ng pagpapatiwakal.
3. Suicide - pagkitil sa sariling buhay o pagpapakamatay. Ito ay isang kasalanan sa Diyos. Siya lamang ang tanging nagmamay-ari ng buhay at kamatayan.

Madaling unawain kung bakit sinasabi Ang Diyos na huwag kang papatay. Wala sa kamay ninuman ang buhay ng tao, maging ang sariling buhay o buhay ng ibang tao. Ito’y nasa Diyos. Ang buhay ay isang banal na handog na ipinagkakaloob niya sa bawat isa para sa kanyang mga layunin.

Ang buhay ng tao ang pinakamataas na uri na nilikha ng Diyos. Ito ang pinakadakilang handog ng Diyos sa tao kaya ang buhay na ito ay sagrado. Ang buhay ay nararapat na kalingain, pagyamanin, at paunlarin upang ito ay magamit sa paghanap ng katotohanan at tuparin ang kalooban ng Diyos.

VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Sumulat sa magulang ng pagpapasalamat at kahilingan sa pagpapatuloy ng buhay.



VII. Gaano ka Natuto?

Sumulat ng maikling talata ukol sa pagpapahalaga sa kasagraduhan ng buhay.

VIII. Sanggunian

1. Warren, Rick. *The Purpose Driven Life*. Mandaluyong City: OMF Literature Inc. 2002
2. Mihalic, Frank. *1000 Stories You Can Use- Vol. I*. Manila: Divine Word Publications. 1989

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka na Ba ?

1. Abortion
2. Euthanasia
3. Suicide
4. Death Penalty
5. Buhay
6. Mabuhay
7. Lahi
8. Pangalan
9. Magulang
10. Sanggol

Gaano ka Natuto?

- 5-malaman,kumpleto,may kaugnayan sa paksa
- 4-malaman,kupleto,may kakulangan sa kaugnayan sa paksa
- 3- malaman, kumpleto, kalahati lang ang may kaugnayan sa paksa
- 2- di gaanong malaman,di gaanong kumpleto,malayo ang kaugnayan sa paksa
- 1-kulang na kulang ang laman at malayung-malayo ang kaugnayan sa paksa.
- 0-walang walang kaugnayan